# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG ENERO 30, 2023, LUNES, IKA-9:32 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ..... | Kagawad/ABC Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | ..... | Kagawad/ SK Federation President<br>Nasa lakad - opisyal |

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RELEASED Name: Date: Time: Santa Cruz, Laguna

SANGGUNIANG BAYAN RECORDED By: Date: 20 FEB 2023 Santa Cruz, Laguna

**KAPASIYAHAN BLG. 069-T2023**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 81-T2022/ KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 2-T2022 NG SANGGUNIANG BARANGAY NA NAGLALAAN NG HALAGANG TATLONG DAAN SIYAMNAPU'T ISANG LIBO ANIMNARAAN LABING TATLONG PISO AT ANIMNAPUNG SENTIMOS (P391,613.60) PARA SA 20 BAHAGDANG PONDONG PANGKAUNLARAN (20% DEVELOPMENT FUND) NG BARANGAY POBLACION V.**

**SAPAGKAT**, ang halagang P391,613.60 ay nakatakdang ilaan sa mga programa, gawain at Proyektong Pangkaunlaran mula sa 20 Bahagdang Kabahagi ng Rentas-Internas ng nabanggit na barangay sa Taong 2023;

**SAPAGKAT**, ito ay tinalakay ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan at napaliwat sa mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs para sa pagsusuri at pag-aaral;

**SAPAGKAT,** matapos na ito ay masuri at malaman na ang mga binalangkas na programa, gawain at proyekto ay tumutugon sa pangangailangan ng nabanggit na barangay ay inirekomenda ng nasabing lupon na pagtibayin na ang 20 Bahagdang Pondong Pangkaunlaran ng Barangay Poblacion V;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan at sinang-ayunan ng lahat ng kasapi ng Sanggunian Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 81-T2022 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 2-T2022 ng Sangguniang Barangay na naglalaan ng halagang P391,613.60 para sa 20 Bahagdang Pondong Pangkaunlaran ng Barangay Poblacion V.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay ng Poblacion V, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Enero 30, 2023**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA TERESA ROBLES-LABOG**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS** 2/20/23
Punong Bayan

02170374